

Original Article

Motibasyon, Kasanayang Pangwika, at Kahirapan sa Akademikong Pagsulat: Isang Path Analysis

Primo Aranas, Jr.^{1,*}

Received: 30 April 2026; Revised: 08 June 2026;

Accepted: 14 June 2026; Published: 16 June 2026

DOI: <https://doi.org/10.66074/B5H9D2J7>

Abstrak

Sinuri sa pag-aaral na ito ang ugnayan ng motibasyon sa pagkatuto ng wika, kasanayan sa akademikong pagsulat, at kahirapan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Baitang 10 sa Filipino. Sinubok din nito ang namamagitanang papel ng kasanayan sa akademikong pagsulat sa relasyon ng motibasyon sa pagkatuto ng wika at kahirapan sa pagsulat. Ginamit ang kuantitatibong deskriptibo-korelasyonal na disenyo na pinalawak sa pamamagitan ng path analysis. Kabilang sa mga respondente ang 130 mag-aaral sa Baitang 10 mula sa isang pampublikong paaralan sa Sta. Maria, Davao Occidental, Pilipinas, na pinili sa pamamagitan ng simpleng random sampling. Nakalap ang datos gamit ang talatanungang binuo ng mananaliksik na sumukat sa motibasyon sa pagkatuto ng wika, kahirapan sa pagsulat, at kasanayan sa akademikong pagsulat ayon sa yugto ng pagpapalano, pagsulat, at pagrerebisa. Ginamit sa pagsusuri ang mean, standard deviation, Pearson product-moment correlation, multiple regression, at path analysis. Ipinakita ng resulta ang mataas na antas ng motibasyon sa pagkatuto ng wika ($M = 3.69$, $SD = 0.44$), mataas na antas ng naiuulat na kahirapan sa pagsulat ($M = 3.47$, $SD = 0.59$), at mataas na antas ng kasanayan sa akademikong pagsulat ($M = 3.48$, $SD = 0.66$). Positibo at makabuluhan ang ugnayan ng motibasyon, kasanayan sa akademikong pagsulat, at kahirapan sa pagsulat, na may mga koepisyenteng mula $r = 0.571$ hanggang $r = 0.665$, $p < .01$. Sa path model, ang tuwirang koepisyente mula motibasyon patungo sa kasanayan sa akademikong pagsulat ay 0.571 , mula kasanayan sa akademikong pagsulat patungo sa kahirapan sa pagsulat ay 0.665 , at

¹ Graduate School,
Rizal Memorial
Colleges, Inc., Davao,
Philippines
* primo.aranas@
deped.gov.ph

mula motibasyon patungo sa kahirapan sa pagsulat ay 0.246 matapos isama ang kasanayan sa akademikong pagsulat sa modelo. Ang di-tuwirang epekto sa pamamagitan ng kasanayan sa akademikong pagsulat ay 0.379, na may kabuoang epekto na 0.625. Ipinahihiwatig ng mga natuklasan na mahalagang pag-ugnayin sa pagtuturo ng Filipino ang suporta sa motibasyon, malinaw na paggamit ng estratehiya, at gabay na pagsasanay sa buong proseso ng akademikong pagsulat.

Keywords: Filipino, kasanayan, motibasyon, path, pagsulat

Abstract (English)

This study examined the relationship between language learning motivation, academic writing proficiency, and writing difficulties among Grade 10 students in Filipino. It also tested the mediating role of academic writing proficiency in the relationship between language learning motivation and writing difficulty. A quantitative descriptive-correlational design was used, expanded through path analysis. The respondents included 130 Grade 10 students from a public school in Sta. Maria, Davao Occidental, Philippines, selected through simple random sampling. Data were gathered using a researcher-made questionnaire that measured language learning motivation, writing difficulty, and academic writing proficiency across the planning, writing, and revising stages. The mean, standard deviation, Pearson product-moment correlation, multiple regression, and path analysis were used for data analysis. Results showed a high level of language learning motivation ($M = 3.69$, $SD = 0.44$), a high level of reported writing difficulty ($M = 3.47$, $SD = 0.59$), and a high level of academic writing proficiency ($M = 3.48$, $SD = 0.66$). The relationships among motivation, academic writing proficiency, and writing difficulty were positive and significant, with coefficients ranging from $r = 0.571$ to $r = 0.665$, $p < .01$. In the path model, the direct coefficient from motivation to academic writing proficiency was 0.571, from academic writing proficiency to writing difficulty was 0.665, and from motivation to writing difficulty was 0.246 after incorporating academic writing proficiency into the model. The indirect effect through academic writing proficiency was 0.379, with a total effect of 0.625. The findings suggest that it is essential to integrate motivational support, explicit strategy use, and guided practice throughout the entire academic writing process when teaching Filipino.

1. Introduksyon

Ang akademikong pagsulat ay mahalagang pagganap pangwika sa sekundaryang edukasyon sapagkat hinihingi nito ang kakayahan ng mag-aaral na gawing malinaw,

organisado, at mapangatuwirang teksto ang kaniyang mga idea. Sa asignaturang Filipino, hindi lamang nasusukat sa pagsulat ang lawak ng bokabularyo at wastong gramatika; nakikita rin dito ang paraan ng pagpapalano ng mag-aaral, pagpili ng nilalaman, pagsasaayos ng argumento, pagwawasto ng wika, at pagtugon sa mga kahingiang pang-akademiko. Binigyang-diin ni Graham (2019) na nakasalalay ang mabisang pagtuturo ng pagsulat sa sapat na oras, paghahanda ng guro, paniniwala sa pagtuturo, at kondisyong pampaaralan. Mahalaga ang pananaw na ito sa mga paaralang inaasahan ang mga mag-aaral na makabuo ng akademikong sulatin ngunit hindi palaging nakatatanggap ng tuloy-tuloy, malinaw, at proseso-orientadong suporta. Para sa mga mag-aaral sa Baitang 10, kritikal ang pagsulat dahil ito ang tulay mula sa batayang kakayahang pangwika tungo sa mas pormal na hinihingi ng senior high school, tulad ng sanaysay, ulat, replektibong teksto, at panimulang pananaliksik.

Sa iba't ibang konteksto ng pagkatuto ng wika, nananatiling hamon ang akademikong pagsulat. Natukoy nina Taye at Mengesha (2024) na karaniwang nararanasan ng mga mag-aaral ang suliranin sa bokabularyo, gramatika, organisasyon, at pagpapahayag. Bagaman nakatuon ang kanilang pag-aaral sa Ingles, ang parehong mga aspekto ay mahalaga rin sa Filipino sapagkat ang akademikong pagsulat sa alinmang wika ay nangangailangan ng kaalaman sa paksa, angkop na pagpili ng salita, wastong estruktura, maayos na daloy ng idea, at mekaniks. Sa konteksto ng Pilipinas, ginamit nina Villaruz at Palma (2024) ang structural equation model upang suriin ang kasanayan sa akademikong pagsulat sa wikang Filipino at binigyang-halaga ang metakognitibong kamalayan, kahusayan sa oral na wika, at pagtuturo ng pagsulat. Ipinakikita ng lumalawak na literatura na ang kasanayan sa Filipino na pagsulat ay hindi makitid na mekanikal na kakayahan; isa itong kumplikadong kontrast na hinuhubog ng motibasyon, estratehiya, kontrol sa wika, at kalidad ng instruksiyon.

Ang motibasyon ay isa sa pinakamatatag na paliwanag kung bakit nagpapatuloy ang mga mag-aaral sa mahihirap na gawaing pangwika. Ipinaliwanag nina Ryan at Deci (2020) na nag-iiba ang kalidad ng motibasyon, mula sa pagkilos na kontrolado ng panlabas na gantimpala hanggang sa mas awtonomong pagkilos na nagmumula sa interes, pagpapahalaga, at tiwala sa sariling kakayahan. Sa klase ng wika, mahalaga ang pagkakaibang ito dahil maaaring magsulat ang mag-aaral para sa marka, pagkilala ng guro, paghikayat ng pamilya, personal na tagumpay, o tunay na interes sa wika. Binigyang-diin din nina Mercer at Dörnyei (2020) na ang paglahok ng mag-aaral ay nakasalalay sa kapaligiran ng klase at sa aktibong gampanin ng mag-aaral sa pagkatuto. Kaya, ang motibasyon ay hindi simpleng pagnanais na matuto; mayroon itong asal, damdamin, at kognitibong aspekto na nakaaapekto sa pagsisimula ng gawaing pagsulat, pagpapatuloy sa pagsisikap, paghingi ng tulong, pagtanggap ng puna, at pagrerebisa ng burador.

Ipinakikita rin ng mga bagong pag-aaral sa pangalawa at banyagang wika na magkakaugnay ang emosyon at motibasyon. Ipinakita nina Dewaele at Li (2021) na may ugnayan ang sigasig ng guro sa kasiyahan, pagkabagot, at sosyal-asal na paglahok ng mag-aaral, samantalang iniulat nina Botes et al. (2022) na may makahulugang kaugnayan ang kasiyahan sa pagkatuto ng wika sa mga resulta ng pagkatuto.

Natuklasan din nina Dewaele et al. (2023) na magkasamang kumikilos ang kasiyahan, pagkabalisa, at pagkabagot sa pagkatuto ng wika sa halip na magkakahiwalay na kalagayang pandamdamin. Sa akademikong pagsulat, ipinahihiwatig nito na maaaring hubugin ng motibasyon ang paraan ng pag-unawa ng mag-aaral sa kahirapan. Maaaring ituring ng isang motivated na mag-aaral ang mahirap na sulatin bilang hamong mapapamahalaan, samantalang maaaring makita ito ng hindi gaanong motivated na mag-aaral bilang patunay ng kaniyang limitadong kakayahan.

Ang kasanayan sa akademikong pagsulat ang asal na daluyan kung saan nagiging nakikita ang motibasyon. Ang mag-aaral na may motibasyong matuto ng wika ay mas malamang na maghanda, magplano, magsaayos ng idea, magsulat ng burador, magbasa muli, gumamit ng sanggunian, humingi ng puna, at magrebisa. Natuklasan nina Teng at Zhang (2020) na ang pagtuturong nakabatay sa self-regulated learning strategies ay maaaring magpahusay sa pagsulat sa pangalawa o banyagang wika. Iniulat din ni Han (2024) na nakatulong ang metakognitibong estratehiya sa pagsulat sa pagganap at motibasyon, samantalang ipinakita nina Fan at Xu (2020) na ang paglahok sa puna ay may pandamdamin, asal, at kognitibong sangkap. Sinusuportahan ng mga pag-aaral na ito ang pananaw na ang pagsulat ay proseso, at ang kasanayan dito ay nalilining sa pamamagitan ng planado at paulit-ulit na gawain sa halip na iisang aktong pagbuo ng teksto lamang.

Sa kabila ng lumalawak na literatura tungkol sa motibasyon at pagsulat, may tiyak na puwang pa rin sa lokal na pananaliksik sa edukasyong Filipino. Maraming pag-aaral ang naglalarawan ng suliranin ng mga mag-aaral sa pagsulat o nag-uulat ng payak na ugnayan ng mga baryabol, ngunit mas kaunti ang sumusubok kung ang kasanayan sa akademikong pagsulat ay nagsisilbing tagapamagitan sa pagitan ng motibasyon at kahirapan sa pagsulat. Mahalaga ang mediation dahil lumalampas ito sa tanong kung magkaugnay ang motibasyon at kahirapan. Sinusuri nito kung ang relasyon ay dumaraan sa proseso ng pagsulat ng mga mag-aaral, tulad ng pagpapalano, pagsulat ng burador, at pagrerebisa. Ipinaliwanag ni Hayes (2022) na kapaki-pakinabang ang mediation models kapag nais maunawaan ng mananaliksik ang mekanismong nag-uugnay sa isang baryabol sa isa pa, at binigyang-diin ni Kline (2023) na ang path models ay nagbibigay-daan sa pagtataya ng tuwiran at di-tuwirang relasyon ng mga nasusukat na baryabol.

Tinugunan ng kasalukuyang pag-aaral ang puwang na ito sa pamamagitan ng pagsusuri sa motibasyon sa pagkatuto ng wika, kasanayan sa akademikong pagsulat, at kahirapan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Baitang 10 sa Filipino sa isang pampublikong paaralan sa Sta. Maria, Davao Occidental. Ginamit ang path analysis upang subukin kung namamagitan ang kasanayan sa akademikong pagsulat sa relasyon ng motibasyon at naiuulat na kahirapan sa pagsulat. Napapanahon ang pokus sa mga mag-aaral sa Baitang 10 dahil ang pagsulat sa sariling wika at pambansang wika ay mahalaga sa tagumpay sa paaralan, ngunit inilalantad din nito ang kahinaan sa bokabularyo, gramatika, pagsasaayos ng idea, at kontrol sa ortograpiya. Sa pagsasama ng motibasyon, kasanayan sa pagsulat, at kahirapan sa isang path model,

makapagbibigay ang pag-aaral ng ebidensiyang magagamit sa mas magkakaugnay na pedagohiya para sa akademikong pagsulat sa Filipino.

2. Metodo

Gumamit ang pag-aaral ng kuantitatibong deskriptibo-korelasyonal na disenyo upang suriin ang antas at ugnayan ng motibasyon sa pagkatuto ng wika, kasanayan sa akademikong pagsulat, at kahirapan sa pagsulat. Ang disenyong ito ay angkop dahil layunin ng pag-aaral na ilarawan ang kalagayan ng mga baryabol at subukin ang kanilang estadistikal na relasyon nang hindi minamanipula ang kondisyon sa klase o nagtatakda ng treatment groups. Inilarawan nina Creswell at Creswell (2023) na ang kuantitatibong pananaliksik ay angkop kapag sinusukat ng mananaliksik ang mga baryabol at sinusubok ang ugnayan gamit ang numerikal na datos. Sa kasalukuyang pag-aaral, pinalawak ang disenyong ito sa pamamagitan ng path analysis upang mataya ang tuwirang relasyon ng motibasyon sa kahirapan sa pagsulat at ang di-tuwirang relasyon nito sa pamamagitan ng kasanayan sa akademikong pagsulat. Ang ganitong pagsusuri ay nakaayon sa lohika ng mediation analysis na ginagamit upang tukuyin kung ang isang baryabol ay nakatutulong magpaliwanag ng ugnayan ng predictor at outcome, gaya ng tinalakay ni Hayes (2022), at tumutugma rin sa paglalarawan ni Kline (2023) sa path models bilang kasangkapan sa pagtataya ng nakabalangkas na relasyon ng mga nasusukat na baryabol.

Ang mga respondente ay 130 mag-aaral sa Baitang 10 na kumukuha ng Filipino sa isang pampublikong paaralan sa Sta. Maria, Davao Occidental, Pilipinas, sa taong panuruan 2025-2026. Tinukoy sa pinagbatayang tesis na simple random sampling ang ginamit sa pagpili ng mga respondente mula sa opisyal na talaan ng mga mag-aaral. Sa paraang ito, nabigyan ang bawat kasapi ng target population ng pantay na pagkakataong mapasama sa sample at nabawasan ang posibilidad ng selection bias. Ginamit ang sample para sa descriptive statistics, Pearson product-moment correlation, multiple regression, at path analysis. Dahil ang mga respondente ay nasa antas sekundarya, binigyang-pansin ang malinaw na pagpapaliwanag ng layunin ng pananaliksik, boluntaryong paglahok, at pagiging kumpidensiyal ng sagot.

Nakalap ang datos gamit ang talatanungang binuo ng mananaliksik at inangkla sa literatura at mga naunang instrumento na may kaugnayan sa motibasyon sa pagkatuto ng wika, kahirapan sa pagsulat, at estratehiya sa akademikong pagsulat. Sinukat ng instrumento ang motibasyon sa pagkatuto ng wika sa apat na indikator: pag-uugali sa pagkatuto ng wika, pag-uugali sa proseso ng pagkatuto, intrinsik na motibasyon, at ekstrinsik na motibasyon. Sinukat naman ang kahirapan sa pagsulat ayon sa kaalaman sa paksa, interes sa pagsulat, talasalitaan o bokabularyo, gramatika, pagsasaayos ng idea, at ortograpiya ng wika. Ang kasanayan sa akademikong pagsulat ay sinukat sa tatlong yugto: pagpapalano, pagsulat, at pagrerebisa o pagwawasto. Ipinakita ng pinagbatayang tesis na dumaan ang instrumento sa content validation sa tulong ng mga tagasuri, at ginamit ang mga item upang makuha ang sariling ulat ng mga mag-aaral hinggil sa kanilang karanasan at gawain sa pagsulat.

Gumamit ang instrumento ng limang antas ng pagmamarka. Ang iskor na 4.20 hanggang 5.00 ay binasa bilang napakataas, 3.40 hanggang 4.19 bilang mataas, 2.60 hanggang 3.39 bilang katamtaman, 1.80 hanggang 2.59 bilang mababa, at 1.00 hanggang 1.79 bilang napakababa. Para sa sukatan ng kahirapan sa pagsulat, ang mas mataas na marka ay nangangahulugang mas malakas na pagsang-ayon sa mga pahayag na may kaugnayan sa nararanasang kondisyon o hamon sa pagsulat. Para sa motibasyon at kasanayan sa akademikong pagsulat, ang mas mataas na marka ay kumakatawan sa mas mataas na antas ng naiulat na motibasyon at paggamit ng proseso sa pagsulat. Pinanatili sa manuscript ang mga mean, standard deviation, at deskriptibong antas na iniulat sa pinagbatayang resulta.

Bago ang paglikom ng datos, humingi ang mananaliksik ng pormal na pahintulot mula sa mga kinauukulang awtoridad ng paaralan at nakipag-ugnayan sa punong-guro at mga guro sa Filipino tungkol sa iskedyul, lugar, at administrasyon ng talatanungan. Ipinaliwanag sa mga respondente ang layunin ng pag-aaral, saklaw ng kanilang paglahok, karapatang hindi sumagot o umatras, at paraan ng pangangalaga sa kanilang pagkakakilanlan. Ang pagsagot sa talatanungan ay isinagawa sa paraang hindi nakaaapekto sa marka o akademikong katayuan ng mga mag-aaral. Ang mga nakalap na sagot ay inayos para sa estadistikal na pagsusuri, at ang mga numerikal na resulta lamang ang iniulat upang mapanatili ang pagiging kumpidensiyal ng mga kalahok.

Isinagawa ang pagsusuri sa ilang hakbang. Una, ginamit ang mean at standard deviation upang ilarawan ang antas ng motibasyon sa pagkatuto ng wika, kahirapan sa pagsulat, at kasanayan sa akademikong pagsulat. Ikalawa, ginamit ang Pearson product-moment correlation upang matukoy ang ugnayan ng tatlong pangunahing baryabol. Ikatlo, ginamit ang multiple regression at path analysis upang masuri ang papel ng kasanayan sa akademikong pagsulat bilang tagapamagitan sa relasyon ng motibasyon at kahirapan sa pagsulat. Ang pagsusuri ay nakatuon sa mga koepisyenteng iniulat sa tesis: ang path mula motibasyon patungo sa kasanayan sa akademikong pagsulat, ang path mula kasanayan sa akademikong pagsulat patungo sa kahirapan sa pagsulat, at ang tuwirang path mula motibasyon patungo sa kahirapan sa pagsulat matapos isama ang tagapamagitan. Kinalkula rin ang di-tuwirang epekto sa pamamagitan ng produkto ng dalawang path coefficient at ang kabuoang epekto sa pamamagitan ng pagdaragdag ng tuwiran at di-tuwirang epekto.

3. Resulta

Ang kabuoang mean para sa motibasyon sa pagkatuto ng wika ay 3.69 (SD = 0.44), na may deskripsyong mataas (Talahanayan 1). Ang mga mean ng domeyn ay mula 3.42 para sa ekstrinsik na motibasyon hanggang 4.01 para sa pag-uugali sa pagkatuto ng wika.

Talahanayan 1. Buod ng motibasyon sa pagkatuto ng wika ayon sa domeyn.

Domeyn	SD	M	Deskripsyon
Pag-uugali sa pagkatuto ng wika	0.59	4.01	Mataas
Pag-uugali sa proseso ng pagkatuto	0.59	3.59	Mataas
Intrinsik na motibasyon	0.63	3.73	Mataas
Ekstrinsik na motibasyon	0.70	3.42	Mataas
Kabuoang mean	0.44	3.69	Mataas

Ang kabuoang mean para sa kahirapan sa pagsulat ay 3.47 (SD = 0.59), na may deskripsyong mataas (Talahanayan 2). Ang mga mean ng domeyn ay mula 3.37 para sa interes sa pagsulat at talasalitaan o bokabularyo hanggang 3.59 para sa kaalaman sa paksa.

Talahanayan 2. Buod ng kahirapan sa pagsulat ayon sa domeyn.

Domeyn	SD	M	Deskripsyon
Kaalaman sa paksa	0.81	3.59	Mataas
Interes sa pagsulat	0.85	3.37	Katamtaman
Talasalitaan o bokabularyo	0.82	3.37	Katamtaman
Gramatika	0.79	3.58	Mataas
Pagsasaayos ng idea	0.83	3.48	Mataas
Ortograpiya ng wika	0.82	3.40	Mataas
Kabuoang mean	0.59	3.47	Mataas

Ang kabuoang mean para sa kasanayan sa akademikong pagsulat ay 3.48 (SD = 0.66), na may deskripsyong mataas (Talahanayan 3). Ang mga mean ng yugto ay 3.51 para sa pagpapalano, 3.49 para sa pagsulat, at 3.43 para sa pagrerebisa at pagwawasto.

Talahanayan 3. Kasanayan sa akademikong pagsulat ayon sa yugto.

Domeyn	SD	M	Deskripsyon
Yugto ng pagpapalano	0.78	3.51	Mataas
Yugto ng pagsulat	0.69	3.49	Mataas
Yugto ng pagrerebisa at pagwawasto	0.79	3.43	Mataas
Kabuoang mean	0.66	3.48	Mataas

Ang mga Pearson coefficient ay 0.571 sa pagitan ng motibasyon sa pagkatuto ng wika at kasanayan sa akademikong pagsulat, 0.640 sa pagitan ng motibasyon sa pagkatuto ng wika at kahirapan sa pagsulat, at 0.665 sa pagitan ng kasanayan sa akademikong pagsulat at kahirapan sa pagsulat (Talahanayan 4). Lahat ng tatlong koepisyente ay may markang makabuluhan sa $p < .01$.

Talahanayan 4. Kasanayan sa akademikong pagsulat ayon sa yugto.

Baryabol	1	2	3
1. Motibasyon sa pagkatuto ng wika	1		
2. Kasanayan sa akademikong pagsulat	0.571**	1	
3. Kahirapan sa pagsulat	0.640**	0.665**	1

Ang path coefficient mula motibasyon patungo sa kasanayan sa akademikong pagsulat ay 0.571 (Talahanayan 5). Ang koepisyente mula kasanayan sa akademikong pagsulat patungo sa kahirapan sa pagsulat ay 0.665. Ang tuwirang koepisyente mula motibasyon patungo sa kahirapan sa pagsulat matapos isama ang kasanayan sa akademikong pagsulat sa modelo ay 0.246. Ang di-tuwirang koepisyente ay 0.379, at ang kabuoang epekto ay 0.625.

Talahanayan 5. Kasanayan sa akademikong pagsulat ayon sa yugto.

Path	Uri ng epekto	Koepisyente	Deskripsyon
Motibasyon -> kasanayan sa akademikong pagsulat	Tuwiran	0.571	Epekto ng motibasyon sa kasanayan sa pagsulat
Kasanayan sa akademikong pagsulat -> kahirapan sa pagsulat	Tuwiran	0.665	Epekto ng kasanayan sa pagsulat sa kahirapan sa pagsulat
Motibasyon -> kahirapan sa pagsulat	Tuwiran (c')	0.246	Epekto ng motibasyon sa kahirapan sa pagsulat matapos isama ang kasanayan sa pagsulat
Motibasyon -> kahirapan sa pagsulat	Di-tuwiran (a x b)	$0.571 \times 0.665 = 0.379$	Namamagitan epekto sa pamamagitan ng kasanayan sa pagsulat
Motibasyon -> kahirapan sa pagsulat	Kabuoang epekto (c)	$0.246 + 0.379 = 0.625$	Kabuoang tuwiran at di-tuwirang epekto ng motibasyon sa kahirapan sa pagsulat

4. Diskusyon

Ang mataas na antas ng motibasyon sa pagkatuto ng wika ng mga mag-aaral sa Baitang 10 ay nagpapahiwatig na may malinaw na pagpapahalaga ang mga respondente sa Filipino bilang asignatura, kasangkapan sa akademikong gawain, at

wika ng pakikipag-ugnayan. Ang ganitong resulta ay tumutugma sa pananaw nina Ryan at Deci (2020) na higit na nagiging matatag ang motibasyon kapag nakikita ng mag-aaral ang halaga ng gawain at nararamdaman niyang kaya niya itong isagawa. Hindi lamang marka o panlabas na gantimpala ang maaaring magpaliwanag sa resulta; lumitaw din ang mataas na antas ng intrinsik na motibasyon, na mahalaga sa mga gawaing nangangailangan ng pagtitiyaga gaya ng akademikong pagsulat. Ipinakikita rin nito ang sinasabi nina Mercer at Dörnyei (2020) na ang paglahok sa pagkatuto ng wika ay nakaugat sa ugnayan ng kondisyon sa klase at aktibong papel ng mag-aaral. Kapag nakikita ng mga mag-aaral na may gamit ang Filipino sa akademiko, pang-araw-araw na komunikasyon, at hinaharap na trabaho, mas nagiging makabuluhan ang pagsisikap nila sa pagsulat.

Bagaman mataas ang kabuoang motibasyon, ang ekstrinsik na motibasyon ang may pinakamababang mean sa mga domeyn. Mahalaga ang resultang ito dahil ipinakikita nitong naroon ang suporta ng magulang, kaibigan, guro, at klase, ngunit hindi ito kasinglakas ng pangkalahatang pagpapahalaga ng mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino. Sa pag-aaral nina Eryilmaz at Yesilyurt (2022), binigyang-diin na kailangang sukatin nang maingat ang motibasyon sa pagsulat dahil may iba't ibang anyo ito at maaaring magbago batay sa karanasan ng mag-aaral. Kapag iniuugnay sa Self-Determination Theory nina Ryan at Deci (2020), maaaring mas kapaki-pakinabang para sa pagtuturo kung ang panlabas na paghikayat ay unti-unting nagiging personal na pagpapahalaga. Halimbawa, ang puna ng guro, paghimok ng magulang, at pakikipag-usap ng kaklase sa Filipino ay dapat hindi lamang magtulak sa mag-aaral na sumunod, kundi magpatibay ng kaniyang tiwala at awtonomiya bilang manunulat.

Ang mataas na naiuulat na kahirapan sa pagsulat ay kailangang basahin nang may pag-iingat. Sinukat ng instrumento ang mga kondisyong kaugnay ng kahirapan, tulad ng kaalaman sa paksa, interes, bokabularyo, gramatika, organisasyon ng idea, at ortograpiya. Kaya, ang mataas na marka ay hindi awtomatikong nangangahulugan na hindi marunong magsulat ang mga mag-aaral. Maaaring ipinakikita rin nito na kinikilala nila ang dami at bigat ng kailangang pamahalaan sa akademikong pagsulat. Natukoy nina Taye at Mengesha (2024) ang parehong mga suliranin sa bokabularyo, gramatika, at organisasyon sa iba pang konteksto, at makikita sa kasalukuyang resulta na ang mga hamong ito ay mahalaga rin sa pagsulat sa Filipino. Ipanihihiwatig nito na kailangang ituring ang kahirapan sa pagsulat bilang kombinasyon ng lingguwistikong kaalaman, pag-unawa sa paksa, at estratehiya sa pagbuo ng teksto.

Sa mga domeyn ng kahirapan, pinakamataas ang mean ng kaalaman sa paksa at gramatika. Ang kaalaman sa paksa ay pundasyon ng malinaw na pagpapahayag dahil mahirap bumuo ng argumento o paliwanag kung limitado ang nilalaman na hawak ng mag-aaral. Kaugnay ito ng pananaw ni Graham (2019) na hindi sapat ang pagbibigay ng sulatong gawain; kailangan ng malinaw na pagtuturo, oras, at suporta upang mapaulad ang kalidad ng pagsulat. Samantala, ang mataas na marka sa gramatika ay nagpapakita na nananatiling mahalagang pinagmumulan ng suliranin ang wastong estruktura ng pangungusap, pagkakatatugma ng bahagi ng pananalita, at kontrol sa anyo ng wika. Kung nakatuon lamang ang pagtuturo sa pagwawasto pagkatapos magsulat,

maaaring hindi matugunan ang ugat ng suliranin. Mas makabubuti ang pagtuturo ng gramatika sa konteksto ng aktuwal na talata, argumento, at rebisyon upang makita ng mag-aaral kung paano nakatutulong ang gramatika sa linaw at kredibilidad ng akademikong sulatin.

Ang interes sa pagsulat at talasalitaan o bokabularyo ang may katamtamang mean sa buod ng kahirapan. Ang mga resultang ito ay mahalaga dahil ang mababang interes ay maaaring magpahina sa pagpapatuloy sa mahirap na gawain, samantalang ang limitadong bokabularyo ay maaaring magpaliit sa kakayahang pumili ng eksaktong salita. Ipinaliwanag nina Botes et al. (2022) na ang positibong karanasan sa pagkatuto ng wika ay may kaugnayan sa mga resulta ng pagkatuto, at ipinakita nina Dewaele et al. (2023) na ang kasiyahan, pagkabalisa, at pagkabagot ay sabay-sabay na nakaaapekto sa karanasan sa wika. Sa Filipino writing classroom, nangangahulugan ito na dapat sabayan ng pagpapalawak ng bokabularyo ang mga gawaing nakapagpapasigla sa interes ng mag-aaral. Maaaring gamitin ang pagbasa ng modelong teksto, pagtalakay sa makabuluhang lokal na paksa, word banks, at maikling gawaing rebisyon upang mas maging aktibo ang pagkatuto ng salita at paggamit nito sa konteksto.

Mataas din ang kabuoang kasanayan sa akademikong pagsulat, lalo na sa yugto ng pagpaplano. Ipinakikita nito na may mga mag-aaral na gumagawa ng iskedyul, tumitingin sa kahingian ng gawain, gumagamit ng modelo, at nagtatala ng idea bago sumulat. Ang resultang ito ay sinusupportahan nina Teng at Zhang (2020), na nagpakitang maaaring mapabuti ang pagsulat kapag tinuturuan ang mag-aaral ng self-regulated writing strategies. Pinatitibay din ito ni Han (2024), na nag-ulat na nakatutulong ang metakognitibong estratehiya sa pagganap at motibasyon. Sa ganitong pananaw, ang pagpaplano ay hindi simpleng paghahanda lamang; ito ay proseso ng pagbuo ng layunin, pagpili ng nilalaman, at pagtatakda ng daloy ng sulatin. Kapag mas sistematiko ang pagpaplano, mas malaki ang posibilidad na maging malinaw at magkakaugnay ang akademikong teksto.

Sa kabilang banda, ang yugto ng pagrerebisa at pagwawasto ang may pinakamababang mean sa kasanayan sa akademikong pagsulat, bagaman mataas pa rin ang deskripsyon nito. Ipinakikita nito na kailangan pang palakasin ang kultura ng rebisyon sa klase. Ang rebisyon ay hindi dapat ituring na huling hakbang lamang para maghanap ng mali; ito ay sentral na proseso ng pagpapalinaw ng idea, pagbabago ng estruktura, pagpili ng mas angkop na salita, at pagsuri sa pamantayan ng akademikong pagsulat. Ang pag-aaral nina Fan at Xu (2020) tungkol sa paglahok sa peer feedback ay mahalaga rito dahil ipinapakita nilang ang puna ay may bisa lamang kapag aktibong nakikipag-ugnayan ang mag-aaral sa suhestiyon at ginagamit ito sa pagpapabuti ng teksto. Sa Filipino, maaaring palakasin ang rebisyon sa pamamagitan ng checklists, guided peer review, oral reading, paggamit ng diksyunaryo, at nakatakdang oras para sa ikalawa o ikatlong burador.

Ang makabuluhang positibong ugnayan ng motibasyon at kasanayan sa akademikong pagsulat ay sumusuporta sa inaasahang mas maraming proseso sa pagsulat ang naiuulat ng mas motivated na mag-aaral. Ipinakita nina Dewaele at Li

(2021) na may kaugnayan ang positibong karanasan sa klase sa paglahok ng mag-aaral, at ipinakita rin nina Botes et al. (2022) na ang positibong damdamin sa wika ay may kaugnayan sa mga resulta ng pagkatuto. Sa kasalukuyang pag-aaral, ang motibasyon ay nakaugnay sa mga gawain na nagpapadali sa akademikong pagsulat: pagpapalano, muling pagbasa, paghahanap ng salita, paggamit ng diksyunaryo, paghingi ng tulong, at pagrerebisa. Ipinahihiwatig nito na hindi dapat ituring ang motibasyon bilang karagdagang emosyonal na sangkap lamang sa pagtuturo. Malapit itong kaugnay ng mga kongkretong kilos na bumubuo sa akademikong sulatin.

Ang positibong ugnayan ng motibasyon at kasanayan sa akademikong pagsulat sa kahirapan sa pagsulat ay nangangailangan ng mas maingat na interpretasyon. Kung ang kahirapan ay ipalalagay na katumbas lamang ng mahinang pagganap, maaaring magmukhang salungat ang resulta. Subalit ang mga item ay sumasaklaw sa kamalayan sa kaalaman sa paksa, pagkilala na mapanghamon ang pagsulat, pag-aalala sa gramatika, at pagbibigay-pansin sa ortograpiya. Maaaring ang mas motivated at mas proseso-orientadong mag-aaral ay mas may kakayahang tukuyin ang mga hinihingi ng akademikong pagsulat. Ang natuklasan nina Dewaele et al. (2023) na magkakasabay na umiiral ang kasiyahan, pagkabalisa, at pagkabagot sa pagkatuto ng wika ay tumutulong ipaliwanag kung bakit maaaring maging engaged ang mag-aaral habang malinaw ding nakikita ang kahirapan. Sa ganitong pagbasa, ang positibong relasyon ay maaaring magpahiwalig ng mas mataas na akademikong kamalayan sa halip na simpleng kawalan ng kakayahan.

Ipinakita ng path model na nagsilbing tagapamagitan ang kasanayan sa akademikong pagsulat sa ugnayan ng motibasyon at kahirapan sa pagsulat. Ang tuwirang koepisyente mula motibasyon patungo sa kasanayan sa akademikong pagsulat ay 0.571, samantalang ang tuwirang koepisyente mula kasanayan sa akademikong pagsulat patungo sa kahirapan sa pagsulat ay 0.665. Ang di-tuwirang epekto ng motibasyon sa pamamagitan ng kasanayan sa akademikong pagsulat ay 0.379, at ang kabuoang epekto ay 0.625. Ayon kay Hayes (2022), ang ganitong padron ay tugma sa mediation model dahil bahagi ng ugnayan ng predictor at outcome ay dumaraan sa isang process variable. Binigyang-diin ni Kline (2023) na nakatutulong ang path models upang luminaw ang estruktura ng relasyon ng mga nasusukat na baryabol. Sa kasalukuyang pag-aaral, ipinakikita ng mga koepisyente na ang kasanayan sa akademikong pagsulat ay hindi lamang resulta ng motibasyon; ito rin ay mekanismong nag-uugnay sa motibasyon at sa paraan ng pag-uulat ng mga mag-aaral sa kahirapan sa pagsulat.

May malinaw na implikasyon ang mediation result sa pagtuturo. Kapag napalalakas ng motivated na mag-aaral ang pagpapalano, pagsulat, at pagrerebisa, maaaring mas malinaw niyang makita ang mga hinihingi ng akademikong pagsulat. Hindi nito nangangahulugang agad nawawala ang kahirapan. Sa halip, maaaring nagiging mas nakikita, mapapamahalaan, at maituturo ang kahirapan. Sa pagtuturo ng Filipino, maaaring gamitin ng guro ang pananaw na ito sa pamamagitan ng sabay na pagbibigay ng motivational support at tahasang pagtuturo ng proseso ng pagsulat. Maaaring gabayan ang mga mag-aaral sa pagsusuri ng modelong teksto, paghahanda

ng balangkas, pagpapalawak ng kaalaman sa paksa, yugto-yugtong pagsulat, paggamit ng sangguniang pangbokabularyo, at rebisyon ng estruktura ng pangungusap at idea. Naaayon ito sa suporta nina Teng at Zhang (2020) sa self-regulated writing strategies at sa ebidensiya ni Han (2024) tungkol sa metakognitibong pagtuturo ng pagsulat.

Ipinakikita rin ng pag-aaral na hindi sapat na tugunan ang kahirapan sa pagsulat sa pamamagitan lamang ng pagwawasto ng mali. Nakikita sa teksto ang bokabularyo, gramatika, organisasyon, at ortograpiya, ngunit madalas na nakaugat ang mga ito sa kaalaman sa paksa, motibasyon, paggamit ng puna, at gawi sa rebisyon. Nagbabala si Graham (2019) na maaaring humina ang pagtuturo ng pagsulat kapag hindi ito nabibigyan ng sapat at istrukturadong oras. Sa Filipino classroom, nangangahulugan ito na dapat isama sa pagpapahusay ng pagsulat ang guided practice, pagmomodelo ng guro, peer o teacher feedback, tahasang pagpapalawak ng bokabularyo, gramatika sa konteksto, at paulit-ulit na rebisyon. Sinusuportahan ng pag-aaral nina Fan at Xu (2020) ang pangangailangang maging aktibo ang mag-aaral sa paggamit ng puna sa halip na tumanggap lamang ng pagwawasto.

May ilang limitasyon ang pag-aaral na dapat isaalang-alang. Una, deskriptibo-korelasyonal ang disenyo; kaya hindi dapat ituring ang path coefficients bilang patunay ng sanhi at bunga. Ikalawa, iniulat ng pinagbatayang tesis ang content validation ng instrumento ngunit hindi naibigay sa mga kabanatang ginamit ang reliability coefficients, kaya hindi naisama sa manuscript ang internal consistency ng mga sukatan. Ikatlo, hindi isinama sa path table ang standard errors, confidence intervals, model fit indices, o bootstrapped test ng di-tuwirang epekto, na karaniwang inaasahan sa mas kumpletong mediation report. Ikaapat, limitado ang sample sa 130 mag-aaral sa Baitang 10 sa isang lokal na paaralan, kaya dapat maging maingat sa pagpapalawak ng resulta sa ibang konteksto ng pagtuturo ng Filipino. Sa kabila ng mga limitasyong ito, nagbibigay ang pag-aaral ng kapaki-pakinabang na empirikal na batayan para sa pagtuturong nag-uugnay sa motibasyon, kasanayan sa proseso, at kamalayan ng mag-aaral sa mga hinihingi ng akademikong pagsulat.

5. Konklusyon

Natukoy sa pag-aaral ang mataas na antas ng motibasyon sa pagkatuto ng wika, kasanayan sa akademikong pagsulat, at naiuulat na kahirapan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Baitang 10 sa Filipino. Positibo at makabuluhan ang ugnayan ng motibasyon, kasanayan sa akademikong pagsulat, at kahirapan sa pagsulat. Ipinakita ng path analysis na namamagitan ang kasanayan sa akademikong pagsulat sa relasyon ng motibasyon at kahirapan sa pagsulat, na may mas malaking di-tuwirang koepisyente kaysa natitirang tuwirang koepisyente. Ipinahihiwatig ng mga resultang ito na malapit na kaugnay ang motibasyon ng mga mag-aaral sa kanilang proseso ng pagsulat at sa kanilang kamalayan sa mga hinihingi ng akademikong pagsulat.

Sinusuportahan ng mga natuklasan ang proseso-orientadong pagtuturo ng akademikong pagsulat sa Filipino. Hindi sapat ang motibasyon lamang, at hindi rin sapat ang pagwawasto lamang ng sulatin. Kailangan ng mga mag-aaral ng kondisyon sa klase na nagpapalakas ng interes at pagpapahalaga sa pagkatuto ng Filipino habang

tahasang itinaturo ang mga estratehiya sa pagpapalawak, pagsulat, pagrerebisa, pagpapalawak ng bokabularyo, paggamit ng gramatika, pagsasaayos ng idea, at kawastuhan sa ortograpiya. Dahil korelasyonal ang ebidensiya at limitado ang sample sa isang lokal na konteksto, dapat subukin ng mga susunod na pag-aaral ang modelo sa mas malaking sample, mag-ulat ng kumpletong psychometric indices, magsama ng model fit at confidence intervals para sa di-tuwirang epekto, at suriin ang iba pang baryabol tulad ng self-efficacy, puna ng guro, exposure sa pagbasa, at sosyo-ekonomikong konteksto.

Pasasalamat

Lubos ang pasasalamat ng mananaliksik sa institusyon dahil sa tulong na ibinigay upang matapos ang pananaliksik na ito.

Pahayag ng Salungatan ng Interes

Ang may-akda ay nagpahayag na walang anumang pinansyal o personal na interes na maaaring makaapekto sa kanyang pananaliksik.

Talasanggunian

- Botes, E., Dewaele, J.-M., & Greiff, S. (2022). Taking stock: A meta-analysis of the effects of foreign language enjoyment. *Studies in Second Language Learning and Teaching, 12*(2), 205-232. <https://doi.org/10.14746/ssl.2022.12.2.3>
- Creswell, J. W., & Creswell, J. D. (2023). *Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches* (6th ed.). SAGE Publications.
- Dewaele, J.-M., & Li, C. (2021). Teacher enthusiasm and students' social-behavioral learning engagement: The mediating role of student enjoyment and boredom in Chinese EFL classes. *Language Teaching Research, 25*(6), 922-945. <https://doi.org/10.1177/13621688211014538>
- Dewaele, J.-M., Botes, E., & Greiff, S. (2023). Sources and effects of foreign language enjoyment, anxiety, and boredom: A structural equation modeling approach. *Studies in Second Language Acquisition, 45*(2), 461-479. <https://doi.org/10.1017/S0272263122000328>
- Eryilmaz, A., & Yesilyurt, Y. E. (2022). How to measure and increase second language writing motivation. *LEARN Journal: Language Education and Acquisition Research Network, 15*(2), 922-945.
- Fan, Y., & Xu, J. (2020). Exploring student engagement with peer feedback on L2 writing. *Journal of Second Language Writing, 50*, Article 100775. <https://doi.org/10.1016/j.jslw.2020.100775>
- Graham, S. (2019). Changing how writing is taught. *Review of Research in Education, 43*(1), 277-303. <https://doi.org/10.3102/0091732X18821125>

- Han, L. (2024). Metacognitive writing strategy instruction in the EFL context: Focus on writing performance and motivation. *SAGE Open*, 14(2). <https://doi.org/10.1177/21582440241257081>
- Hayes, A. F. (2022). Introduction to mediation, moderation, and conditional process analysis: A regression-based approach (3rd ed.). Guilford Press.
- Kline, R. B. (2023). Principles and practice of structural equation modeling (5th ed.). Guilford Press.
- Mercer, S., & Dörnyei, Z. (2020). Engaging language learners in contemporary classrooms. Cambridge University Press. <https://doi.org/10.1017/9781009024563>
- Ryan, R. M., & Deci, E. L. (2020). Intrinsic and extrinsic motivation from a self-determination theory perspective: Definitions, theory, practices, and future directions. *Contemporary Educational Psychology*, 61, Article 101860. <https://doi.org/10.1016/j.cedpsych.2020.101860>
- Taye, T., & Mengesha, M. (2024). Identifying and analyzing common English writing challenges among regular undergraduate students. *Heliyon*, 10(17), Article e36876. <https://doi.org/10.1016/j.heliyon.2024.e36876>
- Teng, L. S., & Zhang, L. J. (2020). Empowering learners in the second/foreign language classroom: Can self-regulated learning strategies-based writing instruction make a difference? *Journal of Second Language Writing*, 48, Article 100701. <https://doi.org/10.1016/j.jslw.2019.100701>
- Villaruz, J. M., & Palma, R. C. (2024). Metacognitive awareness of writing strategies, oral proficiency, and writing instructions: A structural equation model of academic writing skills in Filipino language. *Asian Journal of Advanced Research and Reports*, 18(7), 114-134. <https://doi.org/10.9734/ajarr/2024/v18i7690>
-

Ambag ng May-akda: Aranas, P.; Introduksyon, disenyo ng pag-aaral, pagbuo ng pamamaraan, pangangalap ng datos, pagsusuri ng datos, at pagsulat ng manuskrito.